

# Ang Sentro ng Pagbangon sa Kalamidad ay binuksan sa Probinsiya ng St. John para sa mga nakaligtas sa Florida

---

Release Date: Setyembre 15, 2017

**TALLAHASSEE, Fla.** – Ang Disaster Recovery Center (DRC) ay magbubukas sa Sabado, ika-16 ng Septiyembre, sa Probinsiya ng St. John upang matulungan ang mga nakaligtas ng bagyo sa Florida. Ang sentro ay magbubukas sa alas 9 ng umaga hanggang alas 6 ng gabi, Lunes hanggang Sabado hanggang sa karagdagang paunawa.

Ang sentro ay nasa sumusunod na address:

**UF Wind Mitigation “Hurricane House”**

**3111 Agricultural Center Drive**

**St. Augustine, FL 32092**

Habang bukas ang mga sentro, maaaring mahanap ng mga nakaligtas ang isang malapit sa kanila sa [fema.gov/disaster-recovery-centers](http://fema.gov/disaster-recovery-centers) o sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng FEMA 800-621-3362. Ang impormasyong iyan ay maaaring magamit sa aplikasyon ng telepono. Ang mga nakaligtas ay maaaring magrehistro sa anumang bukas na DRC, kahit na sa labas ng estado.

Upang mapabilis ang pag-ahon, hinihikayat ang mga nakaligtas na magparehistro bago bumisita sa isang DRC. Upang magparehistro, mag-online sa [DisasterAssistance.gov](http://DisasterAssistance.gov) o tumawag sa linya ng FEMA **800-621-3362**. Mayroong tulong sa karamihan sa mga wika at ang mga linya ng telepono ay bukas mula alas 7 ng umaga hanggang alas 11 ng gabi. EST pitong araw sa isang linggo hanggang sa karagdagang paunawa.

Ang Ahensya ng Pederal na Namamahala sa Emerhensya , U.S. Administratibo ng Maliliit na Negosyo (AMN), mga grupong boluntaryo at iba pang mga ahensya



**FEMA**

Page 1 of 3

ay nasa mga sentro upang sagutin ang mga katanungan tungkol sa tulong sa kalamidad at mga pautang sa kalamidad na mababa ang interes para sa mga may-ari ng bahay, mga nangungupahan at mga negosyo. Maaari din nilang tulungan ang mga nakaligtas na mag-aplay para sa pederal na tulong sa sakuna.

Ang mga tripulante ng Tulong sa Nakaligtas ng Kalamidad (TNK) ay maaaring magsiyasat sa mga apektadong lugar at makakapagrehistro ng mga tao para sa tulong ng FEMA kung kinakailangan. Kapag nangangailangan ang mga residente ng karagdagang tulong, maaaring sumangguni ang mga pangkat sa kanila sa sentro ng pagbangon sa kalamidad.

Hindi kinakailangan bisitahin ang mga sentro upang magparehistro at makatanggap ng tulong sa pederal na sakuna. Kung maaari, ang mga nakaligtas ay dapat magparehistro sa FEMA bago bumisita sa isang sentro ng pagbangon.

Ang mga nakaligtas sa kalamidad na bingi, mahirap na makarinig o mayroong kapansanan sa pagsasalita at gumamit ng isang TTY ay maaaring tumawag sa 800-462-7585 upang magparehistro. Ang mga gumagamit ng 711 o Video Relay Service o nangangailangan ng mga kaluwagan habang dumadalaw sa isang sentro ay maaaring tumawag sa 800-621-3362. Ang lahat ng Sentro sa Pagbangon sa Kalamidad ay naa-access at mayroong mga kagamitan upang tumanggap ng mga nakaligtas sa sakuna na nangangailangan ng tulong sa komunikasyon na may kaugnayan sa kapansanan. Ang bawat sentro ng pagbangon sa kalamidad ay may mga teknolohiyang pantulong para sa mga taong may kapansanan.

Ang mga mababang interes na pautang mula sa AMN ay magagamit para sa mga negosyo ng lahat, hindi pangkalakal na mga organisasyon, mga may-ari ng bahay at mga nangungupa. Ang mga pautang sa kalamidad ay sumasakop sa mga pagkalugi na hindi ganap na nabayaran ng insyurans o gawad.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan ang mga aplikante sa Sentro ng Tulong Panserbisyo ng Parokyano sa Kalamidad ng AMN sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-659-2955, pag-email sa [DisasterCustomerService@sba.gov](mailto:DisasterCustomerService@sba.gov) o sa pagbisita sa website ng SBA sa [sba.gov/disaster](http://sba.gov/disaster). Maaaring tumawag sa 800-877-8339 ang mga bingi at mahina ang pandinig.



**FEMA**

Page 2 of 3

###

*Ang misyon ng FEMA ay upang suportahan ang ating mga mamamayan at mga unang tagatugon upang matiyak na bilang isang bansa ay nagtutulungan tayo upang bumuo, sang-ayunan, at pagbutihin ang ating kakayahan upang maghanda, magprotekta laban sa, tumugon, bumangon, at pagaanin ang lahat ng mga panganib.*

*Ang Tulong sa Pagbangon ng Kalamidad ay maaari sa lahat nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay, relihiyon, nasyonalidad, kasarian, edad, kapansanan, kasanayan sa Ingles o katayuan sa ekonomiya. Kung ikaw o isang taong kilala mo ay inabuso, tawagan ang FEMA nang libre sa 800-621-FEMA (3362). Para sa tawag ng TTY 800-462-7585.*

*Ang pansamantalang tulong sa pabahay at mga gawad ng FEMA para sa mga gastos sa pampublikong transportasyon, mga gastos sa medikal at dental, at mga gastusin sa libing ay hindi nangangailangan ng mga indibidwal na mag-aplay para sa isang AMN na pautang. Gayunpaman, ang mga aplikante na tumatanggap ng mga aplikasyon ng AMN ay dapat isumite sa mga opisyal ng AMN na maging karapat-dapat para sa tulong na sumasakop sa personal na ari-arian, pagkumpuni ng sasakyan o pagpapalit, at mga gastos sa paglipat at pag-iimbak.*



**FEMA**

Page 3 of 3